

County ng San Mateo
Programa sa Pagkakaloob ng Tulong ng California Para sa Mga
Microbusiness sa Panahon ng COVID-19:
Mga Madalas Itanong

1. Ano ang Pagkakaloob ng Tulong ng California sa Mga Microbusiness sa Panahon ng COVID-19?

Ang pagkakaloob na ito ay katuwang na pinopondohan ng California Office of the Small Business Advocate bilang tulong na ayuda sa panahon ng COVID-19 para sa mga microbusiness sa County ng San Mateo. Para magkwalipika bilang microbusiness, ang kita dapat ng inyong negosyo ay \$50,000 pababa noong 2019, at ang negosyo ay dapat na ang pangunahing pinagmumulan ng kita ng may-ari. Ang halaga ng kaloob ay \$2,500 kada negosyo.

2. Sino ang dapat mag-apply? Ano ang microbusiness?

Para makapag-apply ang mga for-profit na negosyo, dapat matugunan ang mga sumusunod na pamantayan:

- Ang address ng negosyo ay nakarehistro sa County ng San Mateo.
- Mga self employed na manggagawa, independiyenteng kontratista, sole proprietor, at kumpanyang may hindi hihigit sa 5 empleyado sa kasalukuyan at noong 2019 at 2020.
- Ang gross na taunang kita ay \$50,000 (gaya na naiulat noong 2019).
- Tumatakbo ang negosyo simula pa noong Disyembre 31, 2019, at sa kasalukuyan.
- Ang microbusiness ay dapat na ang pangunahing pinagmumulan ng kita para sa may-ari ng negosyo.
- Ang may-ari ng microbusiness ay ang pinaka-may ari at tagapamahala ng kwalipikadong microbusiness.
- Ang negosyo ay dapat na may patunay ng pagbaba ng kita dahil sa COVID-19 noong 2020 kapag ikinumpara noong 2019.
- Ang may-ari ng microbusiness ay hindi nakatanggap ng kaloob sa ilalim ng Programa sa Pagkakaloob ng Tulong ng California Para sa Mga Microbusiness sa Panahon ng COVID-19 (pinangangasiwaan ng Lendistry).

Para makapag-apply ang mga nonprofit na negosyo, dapat matugunan ang mga sumusunod na pamantayan:

- Ang address ng negosyo ay nakarehistro sa County ng San Mateo.
- Hindi dapat bababa sa \$1,000 ang kinita noong 2019.
- Tumatakbo pa rin ang negosyong nonprofit sa status na 501(c)(3), 501(c)(6), o 501(c)(19) at kasalukuyang nakarehistro sa California Secretary of State.
- Patunay ng kita na may pag-file ng Form 990 at kasalukuyang rehistro.
- Ang nonprofit na negosyo ay hindi nakatanggap ng kaloob sa ilalim ng Programa sa Pagkakaloob ng Tulong ng California Para sa Mga Microbusiness sa Panahon ng COVID-19 (pinangangasiwaan ng Lendistry).

3. Ano ang itinakdang pinakamaliit at pinakamalaking kita? Batay ba ito sa gross o net na kita?

Ang mga negosyo ay dapat na may pinakamaliit na taunang gross na kita na \$1,000 para magkwaliipika. Ang pinakamalaking gross na kita na maaaring mayroon ang isang negosyo ay \$50,000.

4. Kailangan bang mamamayan ako o legal na residente ng US para makapag-apply?

Hindi, hindi batayan ng pagkakwalipikado ang citizenship status. Ang mga hindi dokumentadong may-ari ng negosyo na makakapagbigay ng patunay ng pagkakwalipikado at kinakailangang dokumentasyon (nauugnay sa negosyo) ay maaaring mag-apply.

5. Saan magagamit ang mga pondo ng kaloob na Tulong ng California sa Mga Microbusiness sa Panahon ng COVID-19?

- Para sa pagbili ng bagong sertipikadong kagamitan, na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, isang cart.
- Para mag-invest sa working capital.
- Para sa aplikasyon para sa, o pag-renew ng, lokal na permit, na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, permit na mag-operate bilang manininda sa bangketa.
- Para sa pagbabayad ng naipong utang sa negosyo dahil sa pandemyang dulot ng COVID-19.
- Para sa mga gastusing resulta ng pandemyang dulot ng COVID-19 at mga kaugnay na paghihigpit sa kalusugan at kaligtasan, o nawalang kita sa o pagsasara ng negosyo dahil sa pandemyang dulot ng COVID-19, gaya ng inilalarawan sa subdivision (I) ng Seksyon 12100.83.

6. May mga limitasyon ba sa kita?

Oo: ang negosyo ay dapat na may \$50,000 pababa na kita noong 2019, at ito dapat ang pangunahing pinagmumulan ng kita ng may-ari ng negosyo. Hindi mahalaga ang kita ng buong sambahayan.

7. Kasama ba sa kita ng microbusiness ang kita ng buong sambahayan gaya ng kita ng asawa, o limitado lang ito sa microbusiness?

Ang pangunahing pinagmumulan ng kita ng may-ari ng microbusiness ay dapat na ang mismong negosyo. Hindi kasama ang kita ng buong sambahayan.

8. Kung nakatanggap ang microbusiness ng kaloob mula sa kaukulan nilang county, maaari pa rin ba silang mag-apply para sa kaloob na ito ng estado?

Oo, maaari pa rin silang mag-apply para sa kaloob na ito. Ang dating resibo ng programa ng pagkakaloob ng county o pederal ay hindi magdidiskwalipika sa mga aplikante para makatanggap ng kaloob mula sa Programa sa Pagkakaloob ng Tulong ng California Para sa Mga Microbusiness sa Panahon ng COVID-19; gayunpaman, hindi maaaring gamitin ang mga pondo para mabayaran ang mga parehong gastusin para sa parehong panahon na pinondohan ng PPP/EIDL. Hindi

dapat nakatanggap ang mga aplikante na kaloob galing sa Programa sa Pagkakaloob ng Tulong ng California Para sa Mga Microbusiness sa Panahon ng COVID-19. Para malaman kung nakatanggap kayo ng kaloob ng estado, puntahan ang website na ito: <https://business.ca.gov/about/publications/>

9. Kwalipikado ba ang mga nonprofit para sa programa?

Oo, kwalipikado ang mga nonprofit para sa programa ng pagkakaloob na ito kung natutugunan ng mga ito ang lahat ng kinakailangan sa pagkakwalipikado ng programa, kasama ang pagkakaroon ng pinakamaliit na gross na kitang \$1,000.00 noong nabuwisang taon ng 2019.

10. Kailangan ko bang ibalik ang perang ito?

Hindi, hindi kailangang ibalik ang mga tulong na kaloob. Gayunpaman, makakatanggap kayo ng 1099 para sa pag-uulat ng buwis ng pederal at maaaring makulong kung may mangyayaring panloloko.

11. Kailan magbubukas at magsasara ang aplikasyon?

Nagbukas ang unang round noong Marso 11, 2022, at nagsara noong Abril 11, 2022. Kung mayroon pang pondo matapos ang unang round, tatanggapin ang mga aplikasyon nang rolling basis hanggang sa maikaloob na ang lahat ng pondo.

12. Paano ako maaaring mag-apply?

Para simulan ang proseso ng aplikasyon, sagutan ang form sa pagkakwalipikado na nasa ibaba:

- Ingles: <https://forms.gle/7nkQLkZdp1AFonJ16>
- Spanish: <https://forms.gle/bUsdSsP7h1iHc22d6>
- Tagalog: <https://forms.gle/HNRQYFX2rFGcpgkS9>
- Chinese: <https://forms.gle/BrnNQkcwhJobQEih7>

13. Sino ang maaari kong kaugnayin para sa mga tanong?

Kung mayroon kayong anumang tanong, makipag-ugnayan kay Amanda Anthony sa smcgrantapplication@recenter.org.

Mga hotline ng suporta para sa tulong sa pag-apply (makakaugnayan mula Lunes hanggang Biyernes nang 9:00am - 4:00pm) - mag-iwan lang ng mensahe kung walang sasagot!

Ingles: 650-321-2193 x 1103

Spanish: 650-829-4660

Chinese: 888-262-7552

Tagalog: 415-766-7059

14. Maaari ba akong personal na mag-apply?

Oo, maaari kayong pumunta sa Economic Advancement Center sa 366 Grand Ave, South San Francisco, CA, mula 10am hanggang 4pm araw-araw at sagutan ang form sa pagkakwalipikado o ang aplikasyon online katuwang ang ahente ng suporta.

15. Magiging available ba ang aplikasyon sa ibang wika bukod sa Ingles?

Oo, ang form sa pagkakwalipikado at aplikasyon ay available sa Spanish, Simplified Chinese at Tagalog.

16. Gaanong kaloob ang aaprubahan sa unang round ng mga aplikasyon?

Ang County ng San Mateo ay may 309 na kaloob na ipapamahagi bago ang Nobyembre 2022.

17. Paano ginagawa ang desisyon tungkol sa kung aling negosyo ang pagkakalooban?

Ang mga nasagutang form sa pagkakwalipikado na isinumite noong panahon ng aplikasyon ay susuriin para matukoy ang pagkakwalipikado. Ang mga kwalipikadong negosyo ay pipiliin nang random para sa isang kaloob hanggang sa maipamahagi na ang lahat.

18. Maaari ko bang apelahin ang desisyon kung hindi ako magkakwalipika?

Hindi.

19. Kakailanganin ko bang magbayad ng singil sa aplikasyon?

Hindi. Walang bayad ang pag-apply. Walang singil sa pagproseso kung makatanggap kayo ng kaloob.

20. Maaari bang makatanggap nito ang mga may-ari ng Panandaliang Paupahang Negosyo bilang entity ng negosyo?

Ang mga negosyong pinapatakbo bilang passive na kita (gaya ng mga paupahan) ay hindi kwalipikado para sa Programa sa Pagkakaloob ng Tulong ng California Para sa Mga Microbusiness sa Panahon ng COVID-19.

21. Anong dokumentasyon ang kinakailangan para makatanggap ng kaloob?

1. Ang iyong 2019 at 2020 na tax return (kasama ang Schedule 1, Schedule C, at/o 1120-S) o ng alternatibong opsyon para sa pagbibigay ng impormasyon tungkol sa iyong mga kita.
2. Kopya ng photo ID mula sa pamahalaan (tinatanggap ang mga ID mula sa ibang bansa).
3. Patunay na majority owner ka ng negosyo rito (ibig sabihin, bank statement, tax return, lisensya sa negosyo, permit).